Australian Government
Department of Home Affairs

AMEP
Adult Migrant English Program

Pag-aalaga ng bata sa Programa ng Ingles para sa Migranteng Nasa Edad na (Adult Migrant English Program)

Kailangan mo ba ng pag-aalaga ng bata upang makapasok sa mga klase sa Adult Migrant English Program (AMEP)? Kapag ikaw ay nasa klase ng AMEP, magagamit mo ang libreng pag-aalaga ng bata para sa iyong mga anak na hindi pa pumapasok sa paaralan.

Sisikapin ng iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP na makahanap ng pag-aalaga ng bata na mga 30 minuto lang ang layo sa iyong tirahan o klase ng AMEP. Ito ay hindi laging nagagawa. Gagawin ng mga tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP ang kanilang makakaya upang mahanap ang pinakamalapit na pasilidad ng pag-aalaga ng bata para sa iyo.

Aayusin ng mga tagapagtaguyod ng mga serbisyo ng AMEP na ang pag-aalaga ng bata ay nakatapat sa simula ng iyong kursong AMEP. Sisikapin din nilang makakuha ng pag-aalaga ng bata sa mga araw na ikaw ay nasa klase. Kung minsan ay hindi ito nagagawa dahil ang mga lugar sa pag-aalaga ng bata ay kadalasang limitado at maraming nag-aabang. Kung minsan, ang mga lugar ay hindi kaagad makukuha o kaya ikaw ay aalukin ng lugar (placement) para sa bahaging pag-aalaga ng bata habang ikaw ay naghihintay na makakuha ng karagdagang mga araw.

Ang libreng pag-aalaga ay ipinauubaya lamang habang ikaw ay pumapasok sa klase ng AMEP. Ito ay hindi magagamit para sa mga aktibidad na nasa labas ng mga oras ng klase mo sa AMEP. Kapag hindi ka pumapasok sa klase ng AMEP, o kung natapos mo na ang iyong matrikula, dapat mong asikasuhin ang sarili mong pag-aalaga ng bata. Kung ang iyong anak o mga anak ay hindi makakadalo sa pag-aalaga gaano man katagal, mahalagang ipabatid ito sa iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP. Ito ay upang maiakma ang anumang mga pag-reserba na ginawa para sa iyong mga anak.

Kung makaligtaan mo ang maraming klase ng AMEP, maaaring kanselahin ng tagapagtaguyod ng serbisyo ang lugar (placement) para sa iyong anak sa pag-aalaga ng bata. Gayunman, kung ikaw ay babalik sa AMEP, magkakaroon kang muli ng akses sa libreng pag-aalaga ng bata. Subalit, ikaw ay maaaring maghintay upang makakuha ng lugar para sa pag-aalaga ng bata.

Kapag tinatasa ang iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga ng bata, maaaring mag-alok ang iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP ng isang hanay ng mga pagpipilian upang masimulan mo kaagad ang iyong pag-aaral. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyo na:

- mag-aral sa isang sentro ng komunidad na may pasilidad ng pag-aalaga ng bata
- magbiyahe nang mas malayo keysa sa gusto mo
- mag-aral sa bahay kasama ang tutor o sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral (distance learning) hanggang magkalugar sa pag-aalaga ng bata.

Kung ang pagkakaayos ng pag-aalaga ng bata ay hindi tumutugon sa iyong pangangailangan, dapat mong talakayin ito sa iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aalaga ng bata, mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP.